

Maghanda na Ngayon Para Sa Anumang Uri ng Emergency

May mga bagay na maaari mo nang gawin upang maiwasan ang personal na pinsala o pagkawala ng ari-arian bilang resulta ng isang emergency.

MAGING MAY ALAM



Magparehistro sa **AlertLongBeach** upang makatanggap ng mga abiso sa pag-aalerto tungkol sa mga paerating o nalalapit na emergency sa pamamagitan ng cell phone, mensahe sa text at email. Sumubaybay sa TV, radyo, diyaryo at social media para sa mga importateng impormasyon sa iyong lugar.

GUMAWA NG ISANG PLANO



Gumawa ng isang plano kasama ang iyong pamilya kung paano lalabas ng iyong tahanan o lugar ng trabaho sa ilalim ng iba't ibang senaryo. Magtakda ng isang lugar kung saan magkikita. Magtalaga ng isang taong wala sa lugar ng pangyayari na kokontakin tungkol sa iyong kalagayan. Sanayin ang iyong plano.

GUMAWA NG ISANG KIT



Maaaring matagal bago dumating ang mga unang tagatugon. Gawing available sa tahanan o trabaho ang isang emergency kit na may mga suplay upang siguraduhing self-sustaining ka at/o ang iyong pamilya sa loob ng limang araw.

MAGING HANDA



Sumali sa Community Emergency Response Team (CERT) o sa Search and Rescue ng Long Beach. Kumuha ng isang kurso sa CPR o first-aid sa American Red Cross, o makipagtrabaho sa Red Cross para "I-mapa ang iyong Kapitbahayan" upang kilalanin ang mga panganib at pagmumulan sa iyong kapitbahayan.

Karagdagang Impormasyon sa Kahandaan sa Sakuna

Bisitahin ang aming website:
longbeach.gov/disasterpreparedness

Buhangin at Mga Bag ng Buhangin:

Ang Buhangin at Mga bag ng buhangin ay available sa mga sumusunod na Istasyon ng Bumbero sa panahon ng tag-ulan:

- Istasyon 7, 2295 Elm Street.
- Istasyon 12, 1199 Artesia Blvd.
- Istasyon 13, 2475 Adriatic Ave.
- Istasyon 14, 5200 Eliot Street.

Ang buhangin ay available sa The Public Service Yard, 1651 San Francisco Ave. Ang mga bag ng buhangin ay available sa lahat ng Istasyon ng Bumbero.

Mga Social Media Site:

[twitter.com/@LongBeachDP](https://twitter.com/LongBeachDP)

[Instagram/@longbeachdprep](https://www.instagram.com/longbeachdprep)

[facebook@LongBeachDisasterPreparedness](https://www.facebook.com/LongBeachDisasterPreparedness)

[youtube.com/user/LongBeachCityCA](https://www.youtube.com/user/LongBeachCityCA)

Magparehistro na Ngayon sa **AlertLongBeach**:

longbeach.gov/disasterpreparedness/alert-long-beach/



Kagawaran ng Kahandaan sa Sakuna at Mga Komunikasyon sa Emergency
2990 Redondo Ave
Long Beach, CA 90806

T (562)570-9250 F (562)570-9254
E LongBeach-EOC@longbeach.gov

Ang impormasyong ito ay available sa isang alternatibong format kung hihilingin sa (562)570-9250. Na-update noong Hulyo 2016.
©2016 Lungsod ng Long Beach. All rights reserved.

LUNGSOD NG LONG BEACH



Paghahanda sa Mga Emergency: Masamang Panahon

LUNGSOD NG LONG BEACH

Kagawaran ng Kahandaan
sa Sakuna at Mga
Komunikasyon sa
Emergency



1/18/2017 1:31:26 PM

Bago Umulan



- **Gumawa ng isang emergency kit ng suplay.** Isipin ang mga pagmumulan na ginagamit mo sa pang-araw-araw at anong maaari mong kailanganin o gawin kung hindi available ang mga ito..
- **Tipunin ang mga pangunahing suplay** na kailangan para mabuhay, pagkain, tubig at mga item na na kakailanganin mo para itaguyod ang buhay..
- **Tandaan ang mga pangangailangan ng mga alagang hayop** at/o mga hayop na nagseserbisyo. Kabilang ang pagkain, tubig at laruan para mga alagang hayop sa iyong kit.
- **I-customize ang iyong kit** upang umakma sa anumang access, medikal, dietary at kultural na pangangailangan.

Sa Paligid ng Bahay



- **-2700 Linisin at ayusin ang mga alulod ng bahay** upang iwasan ang pagbabara na nagdudulot na magbara ang tubig-ulan at masira ang iyong bubong at bahay.
- **Suriin ang bubong.** Maghanap ng mga natatanggal o sirang shingle.
- **Tingnan ang loob ng mga kisame at pader.** Anumang pinsala ng tubig ay maaaring isang indikasyon ng mga tagas sa bubong.
- **Tabasan ang mga puno at palumpong sa tabi ng bahay.** Alisin ang mga sangang maaaring humarang sa tubig o taman ang mga bahay.
- **Siguraduhing ligtas ang mga pintuan at bintana.** Maglagay ng weatherstripping kung kinakailangan.
- **Mag-ulat ng pagbaha sa kalsada o mga pagtumba ng puno sa pamamagitan ng pagtawag sa Gawaing-bayan sa 562-570-2270**

Mga bag ng buhangin: Kung ikaw ay nakatira sa mga bahaing lugar, punuin at ihanda ang mga bag ng buhangin bago mangyari ang pagbaha.

- Kumuha ng buhangin at mga bag ng buhangin mula sa mga nakatalagang lokasyon at laging idirekta ang daluyan papalayo sa ari-arian.
- Ang buhangin ay available sa The Public Service Yard, 1651 San Francisco Ave.
- Ang mga bag ng buhangin ay available sa lahat ng Istasyon ng Bumbero.
- Ang buhangin at mga bag ng buhangin ay available sa ilang lokasyong nakalagay sa likod ng brochure na ito.

Habang Umuulan



- **Subaybayan nang maigi ang lokal na radyo, TV at Social Media** para sa mga kondisyon ng panahon at update.
- **Maging handang** umalis agad kung iuutos ang isang paglikas.
- **Magkaroon ng mga alternatibong ruta sa paglikas** palabas ng iyong kapitbahayan.
- **Huwag kailanman hawakan ang isang sirang linya ng kuryenteng** maaaring magdulot ng malubhang pinsala o kamatayan. Tumawag sa 9-1-1 upang iulat ito.
- **Maging alerto at mag-ingat kapag nagmamaneho.** Ang mga kalsada ay maaaring maharangan o maisara dahil sa mga panganib.
- **Huwag tangkaing tumawid sa mga binabahang lugar** at kalsada at huwag kailanman lumusong sa umaagos na tubig. **Bumalik – Huwag Malunod!**
- **Kung na-trap sa iyong sasakyan, manatili rito.** Kung maaari, lumipat sa hood o bubong kung patuloy na tumataas ang tubig.
- **Ipasok ang mga alagang hayop na nasa labas** sa panahon ng bagyo.

Kung Nagaganap ang Pagbaha



- **Kung nagaganap ang pagbaha,** pumunta sa mas mataas na lugar at iwasan ang mga lugar na maaaring bahain.
- **Huwag tangkaing tumawid sa mga umaagos na sapa o magmaneho sa mga binabahang daanan.**
- Kung nahawakan mo ang tubig-baha, **hugasan ang iyong mga kamay** gamit ang sabon at disinfected na tubig.

Malalakas na Hangin



Ang mga pabugsu-bugsong hangin ay maaaring magdulot ng pagtumba ng mga puno, linya ng kuryente at karatula at gawing mapanganib na projectile ang mga hindi nakatagong bagay. Kung ikaw ay nasa labas sa panahon ng malalakas na hangin:

- **Sumilong** sa tabi ng gusali o sa ilalim ng isang ligtas na silungan.
- **Tumayo nang malayo sa mga daanan o riles ng tren,** dahil ang isang bugso ay maaaring magtulak sa iyo sa direksyon ng isang paparating na sasakyan.
- **Gumamit ng mga hawakan kung available** at iwasan ang matataas na lugar tulad ng mga bubong.

Pagkatapos ng Bagyo



- **Sundin ang mga lokal na patakaran tungkol sa kaligtasan ng iniinom na tubig.** Kung nagdududa, magpakulo o linisin ang tubig bago inumin.
- **Iwasan ang mga lugar ng sakuna.** Ang iyong pagpunta ay maaaring makasagabal sa pagsagip at iba pang emergency na operasyon at maaaring nasa panganib ka.
- **Sabihan ang iyong pamilya na maayos ang kalagayan mo.**